SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
By:
Date: 4/28/21 Time: 1:48

# KAPASIYAHAN BLG. 2021-51

**"KAHILINGAN SA DEPARTAMENTO NG EDUKASYON, SA PAMAMAGITAN NG SCHOOL DIVISION OF BULACAN, ZENAIDA G. MOSTOLES (EdD, CESO V, SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT), NA MAKAPAGTAYO NG MABABANG PAARALAN SA BARANGAY TANAWAN, BUSTOS, BULACAN AT KAHILINGANG MA-IPROSESO ANG MGA KINAKAILANGAN HAKBANG PARA SA PAGSASAKATUPARAN NG KAHILINGANG ITO."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. John Erick L. Perez**
Tagapangulo
Lupon sa Edukasyon, Agham, Teknolohiya, Telekomunikasyon at Transportasyon

---

**SAPAGKA'T,** hanggang sa kasalukuyan ang barangay Tanawan, Bustos, Bulacan ay wala pang pampublikong mababang paaralan;

**SAPAGKA'T,** ang mga mag-aaral ng Barangay Tanawan ay sa ibang barangay pa nag-aaral, karaniwan ay sa Bustos Central School;

**SAPAGKA'T**, ayon sa ulat ay mayroon nasa apat na raan (400) hanggang pitong daan (700) mag-aaral sa elementary mula sa Barangay Tanawan ang maaaring makinabang sa pagtatayo ng bagong paaralan sa nasabing Barangay;

**SAPAGKA'T**, patuloy na dumarami ang bilang nga mga mag-aaral kada taon;

**SAPAGKA'T**, ang pagtatayo ng mababang paaralan sa Barangay ng Tanawan ay makakatulong upang maibsan ang siksikan nang Bustos Central School;

**SAPAGKA'T**, ang pagkakaroon ng mababang paaralan sa Brgy. Tanawan ay makapagpapataas ng kalidad ng edukasyon at makakatulong sa mga batang mag-aaral na nakatira sa nasabing barangay.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. JOHN ERICK L. PEREZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na hilingin sa Departamento ng Edukasyon, sa pamamagitan ng School Division of Bulacan, Zenaida G. Mostoles (EdD, CESO V, Schools Division Superintendent), na makapagtayo ng Mababapang Paaralan sa Barangay Tanawan, Bustos, Bulacan at mai-proseso ng mga kinakailangang hakbang sa pagsasakatuparan ng kahilingang ito.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-20 ng Abril taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ. Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-20 ng Abril taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim